

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Bukas na ngayon ang mga nominasyon para sa Accessibility Awards ng Lungsod ng Brampton

BRAMPTON, ON (Pebrero 2, 2021) – Bukas na ngayon ang mga nominasyon para sa Accessibility Awards ng Lungsod ng Brampton

Ang Accessibility Awards ay isang civic recognition program na kumikilala sa mga indibidwal, mga negosyo, at mga organisasyon sa Brampton na nagpapakita ng commitment sa accessibility at pagsali sa mga taong may mga kapansanan.

Tinatasa ang mga nominasyon batay sa mga tagumpay at mga kontribusyon na nagawa sa sumusunod na mga parte:

- **Pagpigil at pagtanggap sa mga balakid** – ang uri ng balakid ay maaaring sa asal, pakikipag-usap, pisikal, programmatic, social, o kaugnay sa transportasyon o isang polisiya.
- **Pag-accommodate sa mga taong may mga kapansanan** – ang isang akomodasyon ay maaaring mag-uugnay ng modipikasyon sa espasyo, iskedyul o gawain na nagpapasali sa isang tao sa komunidad.
- **Kumikilos bilang isang accessibility ambassador o tagapagtanggol** – nagtataguyod sa kamalayan sa accessibility sa loob ng komunidad.
- **Pagbibigay ng suporta sa trabaho para sa mga taong may kapansanan** – lumilikha ng mga pagkakataon para sumali sa kapaligiran ng trabaho.
- **Pagbibigay ng katangi-tanging madaling lapitang customer service** – gumugugol ng panahon para maunawaan ang hiling ng kostumer at nag-aalok ng angkop na solusyon.
- **Nagbibigay ng tulong para sa pamumuhay na hindi umaasa sa iba** – tumutulong sa pagsasanay sa skill at suporta.

Sa taon na ito, ang mga programa sa award ay na-update para ilakip ang mga pagnomina sa sarili.

Upang maging kwalipikado para sa isang award, ang isang nominado ay kailangang isang residente ng Brampton, isang komunidad o non-profit na organisasyon na nag-o-operate sa Brampton, o isang may-ari ng negosyo sa Brampton. Ang mga tagumpay at mga kontribusyon ng mga nominado ay kailangang magbigay benepisyo sa komunidad ng Brampton.

Tatanggapin ang mga nominasyon hanggang Marso 31. Ipipresenta ang mga award sa spring.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Accessibility Awards at sa form ng online na nominasyon, ang mga residente ay maaaring bumisita sa www.brampton.ca.

Mga Quote

“Ang Brampton ay Binubuo ng Iba’t Ibang mga Tao, at ang Lungsod ay dedicated sa pagtukoy sa mga oportunidad na dagdagan ang pagiging accessible at pakiramdam na kasali para sa lahat ng ating diverse na komunidad. Kung may kilala kayong isang tao, negosyo o organisasyon na nagtatrabaho para mas mapabuti ang pag-access at pagsali sa mga taong may mga kapansanan, hinihikayat ko

kayo na kilalanin sila sa pamamagitan ng pagsumite ng isang nominasyon sa 2021 Accessibility Awards. Ito ay isang magandang pagkakataon para kilalanin ang mga nagsisikap na gawin ang ating lungsod na nagsasali sa lahat.

- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton

“Bilang isang miyembro ng Accessibility Advisory Committees ng Lungsod ng Brampton at ng Rehiyon ng Peel, ipinagmamalaki ko ang trabahong ginagawa ng mga tao sa buong lungsod natin para gawing mas accessible ang Brampton at nagsasali sa lahat ng mga tao sa lahat ng kakayahan. Kung may kilala kayong isang tao, negosyo o organisasyon sa ating komunidad na nagtatanggol sa pagkakaiba-iba at nagsisikap para makagawa ng kaibahan sa ating komunidad, pakinomina sila para sa Accessibility Award. Magkasama, magagawa nating mas accessible ang Brampton para sa mga tao sa lahat ng abilidad.”

- Pat Fortini, Rehiyonal na Konsehal, Wards 7 at 8; Miyembro, Accessibility Advisory Committee ng Lungsod ng Brampton; Miyembro, Accessibility Advisory Committee ng Rehiyon ng Peel

“Sa Lungsod, tayo ay dedicated sa pagtiyak na ang mga tao sa lahat ng edad at kakayahan ay makikinabang sa kaparehong mga oportunidad sa Brampton at nagtatayo ng accessible na mga espasyo para sa mga tao sa lahat ng kakayahan. Salamat sa mga tao sa ating komunidad na tumutulong sa atin na madagdagan ang pagiging accessible sa Brampton. Ang Accessibility Awards ay pagkakataon para makilala ang mga tao, mga negosyo at mga organisasyon na committed sa pagkakaakses at pagkakasalali ng mga taong may mga kapansanan.”

- David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkabaligtiran inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca